# Pagsusuri at mga Teoryang maiuugnay sa Pelikulang *Dekada '70*

**Inihanda nina:**

**JESSIE OBONGEN JR.**

**ARMIN MOHAMMAD**

**Ipinasa kay:**

**Miss EMMALOU C. ROSAL**

## Mga Teoryang maiuugnay sa Pelikulang Dekada'70

**1. Teoryang Marxismo -** Pinakikita ang pagtutunggalian o paglalaban ng dalawang magkasalungat na puwersa malakas at mahina, mayaman at mahirap, kapangyarihan at naaapi.

**2. Teoryang Feminismo -** Ang layunin ng panitikan ay magpakilala ng mga kalakasan at kakayahang pambabae at iangat ang pagtingin ng lipunan sa mga kababaihan. Madaling matukoy kung ang isang panitikan ay feminismo sapagkat babae o sagisag babae ang pangunahing tauhan at ipinamamamayagpag ang mabubuti at magagandang katangian ng tauhan.

**3. Teoryang Realismo -** Ang katotohanan ang binibigyang-diin at may layuning ilahad ang tunay na buhay pinapaksa ang kalagayan na nangyayari sa lipunan tulad ng kurapsyon, katiwalian, kahirapan at diskriminasyon. Madalas din itong naka pokus sa lipunan at gobyerno.

**4. Teoryang Formalismo/Formalistiko -** Ang layunin ng panitikan ay iparating sa mambabasa ang nais niyang ipaabot gamit ang kanyang tuwirang panitikan. Samakatuwid, kung ano ang sinasabi ng may-akda sa kanyang panitikan ang siyang nais niyang ipaabot sa mambabasa – walang labis at walang kulang.

# Pagsusuri sa Pelikulang Dekada '70

**I. Pamagat: Dekada □70**

**II. Tauhan**

*Vilma Santos*  gumanap bilang Amanda Bartolome ( Mapagmahal na ina at gustong magkaroon ng silbi bilang isang babae sa lipunan.)

*Christopher De Leon*  bilang Julian Bartolome ( Asawa ni Amanda, may prinsipyo pero hindi mapigilan ang mag desisyon ng kanyang mga anak.)

*Piolo Pascual*  bilang Jules Bartolome ( panganay na anak nina Amanda at Julian. May paninindigan, buo ang loob at tunay na makabayan.)

*Marvin Agustin*  bilang Emmanuel Bartolome ( sumunod kay Jules at nakipaglaban siya sa pamahalaan sa pamamagitan ng pagsulat.)

*Danilo Barrios*  bilang Jason Bartolome ( namatay dahil sa kalaban ni Jules, na kasapi sa kalaban ng pamahalaan.)

*Carlos Agassi*  bilang Isagani Bartolome ( halimbawa ng isang mapusok na kabataan.)

*John Kayne Sace*  bilang Bingo Bartolome ( mapagmahal na bunsong anak at laging karamay ni Amanda.)

## III. Kwento

Ang Dekada 70 ay tungkol isang pamilyang dumanas ng matitinding problema sa panahon ng Batas Militar. Si Amanda Bartolome ay isang babaeng nagsisikap mahanap at maunawaan ang tunay na kahulugan ng pagiging isang babae sa gitna ng masalimuot na kalagayan ng bansa noong dekada '70 sa ilalim ng Batas Militar. Siya ay kumikilos bilang isang ina (sa limang anak na puro lalaki) at asawa, ayon sa dikta ng lipunan at ng asawa niyang si Julian. Kahit tradisyonal, umiiral sa pamilyang Bartolome ang kalayaan sa pagpapahayag ng damdamin kung kaya't lumaki ang kanilang mga anak na mulat ang kamalayan sa nangyayari sa lipunan. Dahil dito'y sumali sa kilusang makakaliwa ang kanilang panganay na si Jules, naging makata at manunulat naman si Emman, at nahilig sa musikang rock n roll si Jason. Si Gani  naman ay malayang pinasok ang pagiging US Navy bagama't taliwas ito sa paniniwala ng mga kapatid. Nanatiling matatag ang pamilya Bartolome sa kabila ng napakaraming pagsubok ng panahon. Ang mga anak ng

pamilyang ito na tumahak ng iba't ibang landas at ang magulang na humarap sa mga suliranin at di sumuko sa mga problemang dumaan. Tunay na isang pamilyang masasabing "walang iwanan."

## IV. Banghay ng Pangyayari

Sa una'y hindi nauunawaan ni Amanda kung bakit ganoon na lamang ang pagkabale-wala ni Julian sa mga nangyayari sa kanilang mga anak. Makikita nating isa lamang siyang maybahay na naghahangad din namang hanapin ang sarili niyang silbi sa labas ng papel na ito. Dito pa lamang, maipapaalala na sa atin ang maling kalagayan ng kababaihan sa ating bansa noon. May isang eksena pa na pilit sumasali si Amanda sa usapang pulitikal nina Julian at mga kaibigan niya, kung saan ipinilit niya ang mali. Gayunman, lumalabas na katawa-tawa siya rito at kaawa-awa rin, ngunit hindi natin maiwasang humanga pa rin sa kanya dahil kahit papaano'y naninindigan siya. Mapapansin nating nauna pang namulat si Jules at ang kapatid niyang manunulat na si Emmanuel sa mga masamang katotohanan ng *martial law* kaysa kay Amanda. Ngunit sa huli ay mamumulat din naman si Amanda nang dahan-dahan at sigurado na. Si Julian naman ay isang may pagkasinaunang ama ng tahanan na may isang salita, kahit may pagkaliberal din dahil kunawari'y ipinapalaganap niya ang malayang pananalita at pagpapahaya*g* sa kanilang bahay. Maiisip nating maaaring ito ay dahil lahat naman ng kanilang limang anak ay pawang mga lalake rin. Walang anu-ano'y ipangangalandakan pa nga niya sa kanila at kay Amanda na ang kaligayahan ng mga babae ay maaari lamang magmula sa mga lalake. Itinuturing din niya na ayon lang naman sa kanyang mga liberal na pananaw na hayaang hanapin ng kanilang mga anak ang kanilang sariling mga paniniwalaan sa buhay. "*Every man has to believe in something he can die for, because a life that does not have something to die for is not worth living*," sasabihin pa niya, ngunit makikita natin sa huli na ang totoo'y natatakot din siya sa maaaring kahinatnan ng mga anak niya. Ipinapakitang patas din ang

turing ng Dekada sa mga kalalakihan nang ibinigay nito kay Julian ang linyang “Mahirap din ang maging lalake. Maraming emosyon ang iniipit na lang dito,” sabay turo sa kanyang puso. Anupaman ang mga limitasyon ng pananaw ni Julian sa buhay, nagawa pa rin niyang lumabas sa kanyang sariling kahon at mamulat sa kanyang sariling paraan. Dahil nga nagaganap ang istorya sa panahon ng batas militar, maaasahan nating marami sa mga tema ng pelikula ay may bahid-pulitikal. Sa katunayan, malinaw nitong isinasalarawan ang masalimuot na panahong ito sa ating kasaysayan. Maigting na ipinapakita ang mga nag-aalab na damdamin ng mga aktibistang-estudyante sa iba’t ibang paraan. Nariyan ang tapang nila sa harap ng karahasan ng Metrocom sa mga nagra-rally, ang pagkakasal sa isang magkasintahan kasama sa kilusan kung saan sa halip na puting belo ay pulang bandilang komunista ang ibinabalabal at sa halip na singsing ay kuwarenta ‘y singkong baril ang hahawakan nila, at iba pa. Si Jules, bilang panganay at estudyanteng kolehiyo, ang mamumulat sa ganitong mga pangyayari sa kanyang kapaligiran. Sumali siya sa NPA at naging rebelde/kalaban ng pamahalaan, dahil gusto niyang ipaglaban ang karapatan ng mga tao. Sa huli, mapapansin natin na tila ang mga anak pa mismo  nina Amanda at Julian ang nag-aakay sa dalawa upang harapin ang kanilang tungkulin bilang isang mamamayan. Sa tindi ng paninindigan ng magkakapatid, kahit na kapus-kapalaran ang sinapit ng isa sa kanila, si Jason, ay di pa rin sila nasisiraan ng loob na ipaglaban ang karapatan ng bawat mamaayan at ang kalayaang hinihingi ng mga ito.

## V. Paksa/Tema

Ang kahalagahan ng pamilya para sa ikabubuti ng isang mas malalaking komunidad, katulad ng sarili nating bansa at gampanan ang ating mga pananagutan para sa ating kalayaan.

Ito’y madaling unawain para sa katulad nating mga ordinaryong manonood dahil nakatuon ito sa hirap na

dinanas ng isang pamilya noong dekada sitenta. Madali nating naiuugnay ang ating sarili dahil mayroon din tayong pamilya na karamay nating sa lahat ng oras. Sa hirap o ginhawa man ay lagi silang nandyan para sa atin. Naiiba nga lang ang sitwasyon ng pamilya Bartolome dahil sila ay nasa panahon ng Batas Militar pero ganu□n pa rin dahil sama-sama nilang pinaglalaban ang kanilang karapatang pantao sa panunungkulan noon ni Ferdinand Marcos sa bansa. Makikita nating ang pamilya nila ay makabayan at buo ang loob sa anumang problemang kinahaharap kaya naman sa kanilang pagkakaisa ay makakamit nila ang kalayaang hangad ng bawat isa bilang mamamayan ng bansa. Ang pagiging isa ng bawat pamilya ay makabubuo ng isang matatag na pundasyon para sa isang bansang walang kalayaan at kapayapaan.

## VI. Cinematograpiya

Ang □Dekada 70□ ay isang palabas na tunay na makabayan. Sinasalamin nito ang mga taong tumatahak sa kanilang mga landas na may gusting patunayan. Ang mga tao sa likod nito ay may kakayahang makapagpalabas ng isang buhay na larawan ng isang pamilyang dumanas ng mga problema. Sa mga kasuotan at mga gamit dahil ito ay naganap noong mga 1970 naipakita ang mga kasuotan at mga gamit na talagang pang 1970. Dahil sa mainam ang pagkakagawa ng pelikula, nagiging background na lamang ang mga makatotohanang props at setting, at parang nanonood at nakikinig na lamang tayo sa mga masalimuot na pangyayari sa buhay at madalas ay madrama o nakatutuwang mga usapan ng isang pangkaraniwang pamilya noong dekada sitenta. Nakakalimutan nating si Vilma Santos talaga si Amanda Bartolome, si Christopher de Leon talaga ang asawa niyang si Julian, at napapaniwala tayong isang mataas na pinuno ng NPA talaga si Jules, at hindi ito si Piolo Pascual. May isang eksena sa gitna ng pelikula na simple ngunit puno ng simbolismo. Sa gabi ng unang araw ng pag-alis ni Jules upang sumali na sa NPA at mamundok, makikita natin si Amanda at Julian na nakaupo

sa veranda ng kanilang bahay. Pinag-uusapan nila ang ginawa ng kanilang anak. Nagsisimula ang eksena sa isang long shot, at mapapansin nating nasa ibabang bahagi ng screen ang isang mesang bubog kung saan nasasalamin ang baligtad na imahe ng mag-asawa. Ipinahihiwatig sa atin ng shot na ito na binabaligtad na ng mundo sa labas ang kanilang dati□s masayahin at tahimik na tahanan. Naibalik ng pelikula ang larawan ng dekada '70 sa mga eksena nitong nagpapakita ng mga demonstrasyon, protesta at rallies na tunay na nangyari noong panahon na iyon. Ang musika at tunog ay madalas na akma at nagpapaigting sa emosyong nais ipahatid ng pelikula.

## VII. Mensahe

Sa pamilya hinuhubog ang mga mamamayan na magtatanggol sa bayan, kaya masasabing napakahalaga talaga ng papel na ginagampanan ng pamilya sa paghubog ng isang malayang lipunan. Ang papel ng magulang ay gabayan ang kanyang mga anak upang di maligaw ng landas ang mga ito, lalo na kung ang usapin ay tulad ng kalayaan at karapatang pantao na dapat nating bantayan nang sa ganu□n ang bansa natin ay masabi nating may kapayapaan.